# PAGPUPULONG NG UNITED NATIONS TUNGKOL SA MGA KARAPATAN NG BATA



Ang lahat ng wala pa sa edad na 18 ay may ganitong mga karapatan. Ang mga karapatan ay kung ano ang dapat na mayroon ka o na magagawa mo para maging ligtas ka sa kapahamakan at lumago ang iyong ganap na potensyal. Ipinanganak ka nang may ganitong mga karapatan at walang sinuman ang maaaring mag-alis nito.

Ang mga nakakatanda ay mayroong responsibilidad na protektahan ang mga karapatan ng kabataan at gawin ang makakabuti para sa iyo. Maaari mong malaman ang iyong mga karapatan at ang mga karapatan ng iba, na makakatulong sa iyong gumawa ng mga maayos na desisyon sa iyong buhay.

1. Ang lahat ng wala pa sa edad na 18 ay may mga karapatan.
2. May karapatan kang maprotektahan laban sa diskriminasyon.
3. Ang mga nakakatanda ay dapat gumawa ng magagandang desisyon para sa iyo, lalo na para sa iyong proteksyon at kaligtasan.
4. Responsable ang gobyerno para tumulong na maprotektahan ang iyong mga karapatan.
5. Ang iyong pamilya ay may responsabilidad na ituro sa iyo ang mga karapatan mo at dapat din nilang protektahan ang mga ito.
6. May karapatan kang umunlad, hindi lang para mabuhay!
7. May karapatan kang magkaroon ng pangalan at nasyonalidad.
8. May karapatan kang magkaroon ng pagkakakilanlan – isang opisyal na rekord ng kung sino ka.
9. May karapatan kang magkaroon ng kontak sa pareho mong magulang, maliban na lang kung hindi ito ligtas para sa iyo.
10. Kung ikaw ay nakatira sa ibang bansa kung saan wala ang iyong mga magulang, may karapatan kang makasama nila.
11. Dapat protektahan ng gobyerno ang mga bata laban sa pagpupuslit sa labas ng bansa nang labag sa batas.
12. May karapatan kang ipahayag ang iyong opinyon at pakinggan ng mga nakakatanda.
13. May karapatan kang makaalam ng impormasyon at magbahagi nito, basta't hindi ito makakasakit ng ibang tao.
14. May karapatan kang isabuhay ang sarili mong relihiyon at mga paniniwala, basta't hindi ka makakasakit ng kahit sino.
15. May karapatan kang ipahayag ang iyong opinyon at makisali sa mapayapang pagprotesta.
16. May karapatan ka sa privacy.
17. May karapatan kang makakuha ng impormasyon mula sa media.
18. Ang pangangalaga ng mga anak ay magkabahaging responsibilidad ng parehong magulang, at dapat tulungan ng gobyerno ang mga magulang sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyo.
19. May karapatan kang maprotektahan mula sa pang-aabuso o kapabayaan, pangkaisipan man at/o pisikal na paraan.
20. Kung hindi ka maaaring tumira sa sarili mong pamilya, may karapatan kang palakihin nang may respeto ayon sa iyong mga tradisyon.
21. May karapatan kang pangalagaan at bigyan ng proteksyon kung ikaw ay nasa ilalim ng serbisyo ng pangangalaga o inampon.
22. Ang mga batang pumupunta sa Canada bilang mga refugee ay dapat magkaroon ng mga karapatan na pareho sa mga batang ipinanganak dito.
23. Kung ikaw ay namumuhay nang may kapansanan, may karapatan ka sa espesyal na pangangalaga, suporta at maging kabilang sa komunidad.
24. May karapatan ka sa may kalidad na pangangalagang pangkalusugan, ligtas na kapaligiran, malinis na tubig at masustansiyang pagkain sa abot-kayang presyo.
25. Kung nakatira ka sa ilalim ng isang serbisyo ng pangangalaga, may karapatan kang magkaroon ng regular na komunikasyon sa iyong social worker.
26. Ang mga anak ng mga pamilyang nangangailangan ay may karapatang makatanggap ng karagdagang tulong mula sa gobyerno.
27. May karapatan kang magkaroon ng pagkain, damit at ligtas na matitirhang lugar sa isang mapag-arugang kapaligiran.
28. May karapatan ka sa parehong kalidad ng edukasyon na mayroon ang bawat ibang bata sa Canada, kahit nasaan pa man ang lokasyon ng iyong paaralan.
29. Ang edukasyon mo ang makakatulong sa iyo na mapahusay ang iyong mga talento at kakayahan; dapat din nitong igalang ang iyong pagkakakilanlan, wika at mga pagpapahalaga.
30. Ang mga katutubong bata ay may karapatang magsalita ng kanilang wika at ma-enjoy ang kanilang kultura.
31. May karapatan kang maglaro, magpahinga at ma-enjoy ang iyong buhay.
32. May karapatan kang maprotektahan mula sa mga trabahong mapanganib o posibleng makasama sa iyong kalusugan o edukasyon.
33. Responsibilidad ng gobyerno na protektahan ka mula sa mga mapanganib at mga bawal na gamot.
34. Dapat protektahan ng gobyerno ang mga bata mula sa sekswal na pang-aabuso.* *Huwag ilihim ito. Sabihin ito sa isang responsableng nakakatanda para makakuha ka ng tulong.
35. Dapat protektahan ng gobyerno ang mga bata mula sa pagpupuslit ng tao (human trafficking).
36. Dapat protektahan ang mga bata mula sa mga aktibidad na maaaring makasama sa kanilang paglaki.
37. Ang mga bata na nasa sistema ng hustisya ay dapat tratuhin nang may dignidad at may karapatan silang magkaroon ng akses sa kanilang mga pamilya at kultura.
38. Hindi ka maaaring lumaban sa isang giyera.
39. May karapatan kang makakuha ng tulong kung ikaw ay inabuso, pinabayaan o tinrato nang masama.
40. May karapatan kang makakuha ng tulong mula sa abugado at makaranas ng patas na pagtrato mula sa sistema ng hustisya.
41. Kung mayroong mang mga batas sa Canada na nagbibigay ng mas mataas na proteksyon kaysa sa Mga Karapatan ng Bata ayon sa UN, ikaw ay dapat na protektahan sa ilalim ng mga batas na ito.
42. Dapat ipaalam ng gobyerno ang Mga Karapatan ng Bata ayon sa UN sa mga tagapag-alaga at mga bata.

Manitoba Advocate
STAND UP for children & youth

Opisina ng Advocacy:
346 Portage Ave.
Unit 100, Winnipeg, MB, R3C 0C3
Direktang numero: (204) 988-7440
Walang bayad
na numero: 1-800-263-7146

ManitobaAdvocate.ca



@MB_Advocate /ManitobaAdvocate /ManitobaAdvocate /ManitobaAdvocate

Ang tekstong ito ay hindi opisyal na bersyon ng Pagpupulong ng UN sa Mga Karapatan ng Bata. Makikita mo ang opisyal na bersyon sa www.unicef.org/crc.